

Taon XL Blg. 8 Abril 21, 2009 www.philippinerevolution.net

sante at napauuwi mula sa Middle East. Tinatayang

halos kalahati ng 13 milyong dayuhang manggaga-

wang nasa Middle East ngayon ay masisisante at pau-

uwiin hanggang sa susunod na taon. Nanganganib din

ang marami sa mahigit dalawang milyong manggaga-

wang Pilipino na naroon ngayon. Dumarami na rin ang

kaso ng mga pinauuwing manggagawa mula sa Eu-

rope, Japan, Korea, Taiwan at iba pang bansa bunga

gagawa sa Middle East ay salamin na lamang ng na-

Ang lumalalang problema ng mga dayuhang mang-

ng pandaigdigang kapitalistang krisis.

## Bangkang papel sa rumaragasang krisis

ga bangkang papel ang iniaalok ni Gloria Arroyo upang maitawid ang mga manggagawang Pilipino sa rumaragasang krisis sa ekonomya, tungo sa ibang bansa kung saan, aniya'y daan-daan libong trabaho ang naghihintay lamang sa kanila.

Inaakala ni Arroyo na sa pagtutulak sa mga Pilipino na magtrabaho sa ibang bansa ay maikukubli niya ang lumalalang problema ng disempleyo sa Pilipinas at mapalalabas na siya'y may malasakit sa mga Pilipino. Ito'y kahit pa magmukhang malaking recruiting agency and Malacañang. Subalit katulad ng iba pa niyang hakbangin at gimik sa harap ng kasalukuyang krisis sa kabuhayan, walang mabuting idudulot ang mga ito sa mamamayang Pilipino.

sa Dubai at kalakhan ng Middle East. Mula noong huling kwarto ng nakaraang taon, daanlibong

Mga tampok

sa isyung ito...

Mga gawaing medikal ng BHB sa Southern Mindanao PAHINA 3

General Sodusta, bigo laban sa kilusan sa **Bicol** PAHINA 6 Ika-38 anibersaryo ng KAGUMA, ginunita PAHINA 7

Editoryal

gaganap sa buong mundo. Katunayan, malaking bahaqi ng tinatayang 40 milyong manggagawang mawawalan ng trabaho ngayong taon ay mga mi-Malaking kabulastugan ang pagtutulak ni Arroyo granteng manggagawa mula sa mga sa mga Pilipino na makipagsapalaran sa ibayong daatrasadong bansa na maoobligang gat. Nito lamang Abril, matapos bumyahe sa Dubai at umuwi na lamang at duianunsyo ni Arroyo na may mahigit 200,000 trabahong naghihintay para sa mga Pilipino doon, nalantad na ilandaang migranteng Pilipino ang ilang buwan nang naghahanap ng paraan na makauwi matapos walang datnang hanapbuhay doon (tingnan ang kaugnay na artikulo). Inililihim ni Arroyo ang totoong kalagayan ng trabaho t says deployment of orkers RSED THROUGH BANKS orgineW 4.9 dayuhang mangqaqawa na ang nasisimagdag sa lumalaking disempleyo sa kani-kanilang bansa.

Sa kabila nito, itinutulak pa rin ni Arroyo na mangibang-bansa ang mga manggagawang Pilipino para masagpang ang kahit kahuli-huli-hang trabahong pwedeng masimot pa sa ibayong dagat at makapagpadala ng dolyar. Batid ni Arroyo na oras na bumagsak ang remitans ng mga migranteng manggagawa na siya na lamang nakasusuhay ngayon sa naghihingalong ekonomya ng bansa, magdudulot ito ng malaking lamat sa kanyang patuloy na paghahari.

Sa buong daigdig, ang Pilipinas ang pinakabulnerable sa maramihang pagpapauwi ng mga manggagawang nagtatrabaho sa ibang bansa. Mahiqit 25% ng kabuuang pwersang paggawa nito ang nakikipagsapalaran sa ibayong dagat dahil walang makitang matinong trabaho sa bansa. Noong 2008, mahigit 12 milyon na ang dokumentadong migranteng Pilipino. Mas malaki pa ito kung bibilangin ang mga di dokumentado. Tanda ng desperasyon sa ilalim ng kasalukuyang kalagayang pangkabuhayan sa bansa, umaabot na ngayon sa 10,000 Pilipino (mula 3,000 noong nakaraang

taon) ang nag-aaplay ng pasaporte bawat araw sa hangaring makapagtrabaho sa ibang bansa.

Ang ekonomya ng Pilipinas ang numero unong nakasalalay sa dayuhang remitans, na katumbas na ngayon ng 10% ng kabuuang produksyon (Gross Domestic Product) at halos 50% ng reserbang dolyar (Gross International Reserves) ng Pilipinas. Bunga ng maramihang pag-uwi ng mga migranteng manggagawa, tinatayang bababa nang hanggang 15% ang kabuuang remitans ngayong taon. Malaki ang peligrong tuluyang dumausdos ang ekonomya bunga ng pagliit ng remitans ng mga migranteng Pilipino.

Kaalinsabay, patuloy na bumabagsak ang lokal na produksyon at kalakal. Palatandaan nito ang pagdausdos ng pangunahing "industriya" sa bansa, ang malamanupaktura ng mga pyesang elektronik na bumubuo sa halos 70% ng kabuuang eksport ng bansa. Noong nakaraang taon, bumulusok ang eksport nito nang 50% dahil sa pagbagsak ng pandaigdigang pamilihan nito. Bumagsak din nang 50% nitong nakaraang taon ang direktang dayuhang pamumuhunan, na siyang

pangunahing sumusuhay sa produksyon sa mga export processing zone at iba pang malamanupaktura at reeksport. Pangunahing responsable rito ang pagpapatupad ng imperyalistang patakaran ng "globalisasyon" na lalong nagwasak sa lokal na ekonomya nitong nagdaang mga dekada.

Samantala, wala namang naisasagawang matinong hakbangin ang rehimen para makalikha ng sapat at makabuluhang trabaho sa loob ng bansa. Naglaan si Arroyo ng P350 bilyong pondo na aniya'y "pampasikad ng ekonomya," subalit kahit isang kusing ay wala namang ipinupuhunan sa produktibong industriya o sa pagpapatupad ng reporma sa lupa. Masahol pa'y mapupunta lamang ang kalakhan nito sa bulsa ng pangkating Arroyo at sa mga pakana nila para makapangunyapit pa sa poder. Sa katunayan, ang rekurso ng qubyerno ay nakalaan para bayaran ang mga dayuhang utang ng gubyerno, pabundatin ang militar at pulisya at sakmalin ng ganid na nanghaharing pangkatin.

Patuloy na nakapako sa napakababang antas ang sahod ng mga manggagawa at kawani. Salat ang pondo para sa mga batayang serbisyong panlipunan. At wala na ngang inihahaing tunay na solusyon sa mamamayan ay lalo pa silang pinipiga sa pamamagitan ng karaqdagang pasaning buwis.

Sa harap ng tumitinding krisis at kawalang malasakit ng rehimeng Arroyo sa mga inaapi't naghihirap, lalong lumilinaw sa mamamayang Pilipino na wala silang ibang masusulingan kundi ang manindigan, kumilos at lumaban. Ang paglaban nila sa mga patakaran ng rehimen at pagkilos upang wakasan ang naghaharing bulok na sistema ang tanging paraan para maiahon nila ang kanilang mga pamilya at ang bayan sa kumunoy ng krisis na kanilang kinasasadlakan.

## \*Bayan

Taon XL Blg. 8 Abril 21, 2009

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.net
Tumatanggap ang Ang Bayan ng
mga kontribusyon sa anyo ng mga
artikulo at balita. Hinihikayat din ang
mga mambabasa na magpaabot ng
mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot
kami sa pamamagitan ng email sa:
angbayan@yahoo.com

#### Nilalaman

Editoryal	1
Mga kasinungalingan ni Arroyo	3
Gawaing medikal sa Southern Mindanao	3
Gawaing medikal sa taktikal na opensib	a <b>4</b>
Klinikang bayan	5
Tatlong bagong layang bihag ng BHB	5
Matatagumpay na opensiba ng BHB	
5 sundalo, sugatan sa Bontoc	6
General Sodusta, bigo sa Bicol	6
Ika-38 anibersaryo ng KAGUMA, ginunita	7
Makabayan: Pwersa sa labang elektoral	8
Pananalanta ng pasistang estado	
Panghaharas ng militar sa Davao City	9
Lider ng BHB, tinortyur ng militar	9
Lumad bilang paramilitar	10
Mga sibilyan sa Rizal, ginigipit	10
Progresibong doktor, pinaslang	11
Balita	11

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

## Mga kasinungalingan ang tanging iniuwi ni Arroyo mula sa Dubai

Napakulo si Arroyo ng "job summit" sa Dubai, kabisera ng United Arab Emirates (UAE), kung saan kinapulong niya nitong kalagitnaan ng Abril ang 16 na nangungunang tagapaempleyo mula sa UAE at iba pang bansa sa Middle East upang mamalimos ng mga karagdagang trabaho roon para sa mga manggagawang Pilipino. Pangunahing pinaginteresan ni Arroyo ang UAE nitong nakaraang mga taon dahil pinakamarami na itong tinatanggap na mga dayuhang manggagawa. Pagkarating na pagkarating ni Arroyo mula sa Dubai, inianunsyo ng Malacañang na nakakuha umano si Arroyo ng pangakong 221,131 bagong trabaho mula roon at sa iba pang bansa sa Middle East, hiwalay pa sa mga trabahong nakalap na rin daw ng Philippine Overseas Employment Administration.

Ngunit kabaligtaran ng pinalalabas ng Malacañang na bukas pa sa maraming dayuhang manggagawa ang UAE, naghihigpit na ito ngayon sa pagpapapasok ng mga dayuhang manggagawa. Bunga ito ng matindi nang pagtama ngayon ng pandaigdigang krisis pampinansya at pang-ekonomya sa UAE.

Mula 25% hanggang 75% ng mga negosyo (laluna sa sektor ng komersyo, konstruksyon/pabahay at pamumuhunan) sa UAE ay nagbabagsakan at nagsasarahan ngayon. Natigil na ang mahigit \$500 bilyong halaga ng mga proyektong konstruksyon sa UAE na dating may pinakamaraming ineempleyong dayuhang manggagawa roon.

Mula noong Oktubre 2008, umaabot sa 2,000 dayuhang manggagawa bawat araw sa UAE ang tumatanggap ng pormal na abiso na sinisisante na sila at pinauuwi sa pinanggalingan nilang bansa. Mas marami pa ang nasisisante at napauuwi nang wala nang anumang abiso. Isang kabalintunaan na sa panahong nasa UAE si Arroyo, ang 137 Pilipinong drayber na napangakuan ng trabaho roon ay tatlong buwan nang naghihintay pero walang makuhang trabaho. Napilitan silang mangalkal sa mga basurahan para lamang may makain.

Ganito na rin kalala ang tama ng krisis sa Oman, kaya mula pa noong Hulyo 2008 ay ipinagbawal na nito ang pagpapapasok ng karagdagang mga dayuhang manggagawa sa bansa.

# Matagumpay na gawaing medikal ng BHB sa Southern Mindanao

Takaharap sa isang kon Chad sa kanilang tang lan ng isang yunit ng bunduking bahagi ng So Abala sila sa paghahan kal ng kanilang yunit, yong upisyal medikal r gong Hukbong Bayan kanyang katuwang medik silang naka Ayon sa inihal sa 3,730 pasyent tap mula Hulyo 2008, kabila dirigma at mga baryong rasyon.

Naisagaw

Takaharap sa isang kompyuter si Ka Mian at Ka Chad sa kanilang tanggapan sa loob ng himpilan ng isang yunit ng hukbong bayan sa bulubunduking bahagi ng Southern Mindanao Region.

Abala sila sa paghahanda ng taunang ulat medikal ng kanilang yunit. Si Ka Mian ang tumatayong upisyal medikal ng isang kumpanya ng Bagong Hukbong Bayan habang si Ka Chad ang kanyang katuwang. Sa kabuuan ay 26 na medik silang nakatipon noon sa himpilan.

Ayon sa inihahanda nilang ulat, umabot sa 3,730 pasyente ang naserbisyuhan ng istap mula Hulyo 2007 hanggang Oktubre 2008, kabilang ang mga Pulang mandirigma at libu-libong residente sa mga baryong saklaw ng kanilang operasyon.

Naisagawa nila ang pagbibigay ng kinakailangang serbisyong medikal sa masa sa pamamagitan ng paglulunsad ng mga klinikang bayan. Sa ilang pagkakataong pinahintulutan ng sitwasyon, nakapagsagawa rin sila ng mga konsultasyon sa mga indibidwal. Kabilang sa mga karaniwang sakit na kanilang nalapatan ng lunas ang trangkaso, dysentery, sinusitis, tonsillitis, malarya, amoebiasis, hyperacidity, pulmonya, urinary tract infection at ulcer. May kakayahan din silang magsagawa ng ilang menor na pagoopera tulad ng pagtuli at pagtatanggal ng cyst at ingrown na mga kuko.

Sistematikong pinangangalagaan ng istap medikal ang kalusugan ng mga kapwa nila Pulang mandirigma. Araw-araw, mayroong itinatalagang medic of the day (MD) para natitiyak na sumusunod sa requlasyon ng sanitasyon ang bawat kubo, kusina at palikuran. Isang halimbawa nito ang pagtitiyak na isterilisado ang mga lunch box ng bawat mandirigma sa kusina laluna kapag may epidemya sa lugar. Tinitiyak din nila na may hukay ang bawat tim o iskwad para sa wastong pagtatapon ng basura. Ang mga MD ang nagmomonitor sa mga maysakit at naq-uulat sa kanilang katayuan sa sentral na kumand.

May nakatalagang medik sa bawat tim o iskwad. Sila ang may pangunahing responsibilidad sa pagsubaybay sa mga pasyente. Tinitiyak nila na naiinom nga ng mga maysakit ang takdang mga gamot at pana-panahon silang nagtse-

# Gawaing medikal sa mga taktikal na opensiba

**B**ahagi ng mga tungkulin ng istap medikal ang pagbibigay-serbisyo sa mga sugatan sa panahon ng mga taktikal na opensiba. Alinsunod sa patakaran ng BHB, sa paghahanda pa lamang para sa opensiba ay kasama na ang istap medikal.

Dahil kasa-kasama ang mga istap medikal sa mga taktikal na opensiba at may mga panahong napapasabak din sa mga labanan, dumadaan din sila sa mga pagsasanay militar katulad ng iba pang Pulang mandirigma.

Sa karanasan nina Ka Mian, mahaba-habang panahon ang inilalaan sa paghahanda ng mga suplay medikal kapag maglulunsad ng taktikal na opensiba. Unang-una, kailangang maihanda ang mga kagamitan at gamot para sa pag-ampat ng pagdurugo tulad ng *elastic bandage*, *top dressing*, *cotton balls* at mga gamot na pang-*emergency*. Tinitiyak ding isterilisado ang mga pang-ineksyon at mga instrumento para sa menor na pag-oopera at nakaimbak nang anestisya.

Kailangang pagkaisahin ang lahat ng mga sangkot na medik para maging maayos ang paggampan ng bawat isa sa mga gawaing nakaatas sa kanila. Ikatlo, inaayos na ang sistema ng *stationing* o paghahati ng mga medik at kanilang mga tungkulin.

May tatlong istasyon ang istap medikal sa panahon ng labanan. Ang unang istasyon ay nakatalaga sa *frontline* o *firing line* at sila ang inaasahang maglalapat ng pangunang lunas sa mga sugatang mandirigma at maghahatid sa kanila sa pangalawang istasyon. Sa pangalawang istasyon ginagamot ng nakatalagang mga medik ang pasyente. Nakapwesto ang istasyon na ito sa *main body*. Sa ikatlong istasyon o *mobile station* ay inihahanda ang mga kagamitan para sa pag-aatras ng mga sugatan tulad ng mga balangkat, istretser, duyan, malong, pisi at iba pa.

Bahagi ng pangkalahatang pagsasanay-militar ang paglulunsad ng maikling kurso sa pangunang lunas sa buong pwersa ng BHB para maging mulat ang lahat ng mandirigma bukod pa sa mga medik at maarmasan ang lahat ng kaalamang medikal.


tsek-ap ng kanilang presyon at iba pang *vital sign*.

Binibigyan din ng sapat na atensyong medikal ang mga indibidwal na pumapasok sa himpilan at yaong mga humihingi ng partikular na tulong. Madalas itong mangyari laluna kapag

napag-aalaman ng taumbaryo na may yunit ng BHB na nakahimpil malapit sa kanilang baryo. Sadya nilang hinahanap ang mga mandirigma para rito.

Sa karanasan ng mga kasama sa SMR, napakalaki ng ambag ng gawaing medikal sa pag-oorganisa laluna sa mga lugar na nirerekober. Sa pagsasagawa ng gawaing medikal, lalong nagiging malinaw sa masa na ang BHB ang tunay nilang hukbo.

Sa kabilang banda, ibinahagi rin ni Ka Chad ang magaspang na katangian ng AFP na nagsagawa ng Civac sa isang baryo ng Composte-



la Valley noong Mayo 2008.

"Doon sa aming larangan ay naglunsad kami ng klinikang bayan noong Hunyo 2008. Bago ito ay nakapaglunsad na ng serbisyo medikal ang kaaway kasama ang mga lokal na upisyal ng barangay at health workers noong Mayo. Maramimg reklamo ang mga residente dahil nagkaimpeksyon ang mga pasyente. Namaga ang mga ari ng mga tinuli at ang mga gilagid ng mga binunutan ng ngipin. Binigyan daw sila ng syrup na iinumin. Tiningnan namin ang etiketa. "Asus, kay bastos talaga ng kaaway dahil ang mga gamot na ibinigay ay expired." Sabi ng isang tagabaryo, "Kung mas maaga sana kayong dumating, sa inyo na lang sana kami nagpaopera."

Mayroon din namang mga hindi nabunutan ng ngipin at natuli ng kaaway kaya sila na lamang ang inasikaso ng mga medik. Pagkalipas ng ilang araw, kinumusta ng mga kasama ang ilang natuli at nabunutan. Walang impeksyon at maayos ang paghilom ng mga sugat. Anila, walang katulad ang BHB. Di talaga mapapantayan.

#### Klinikang bayan

Katuwang ang istap medikal sa gawaing masa ng kumpanya ng BHB na kinapapalooban nina Ka Mian. Ayon pa kay Ka Mian, "Sa mga lugar na kinikilusan ng BHB, pana-panahong inilulunsad ang mga klinikang bayan para matugunan ang batayang karapatan ng mamamayan para sa serbisyong pangkalusugan. Ang istap medikal ang nagpaplano at nagpoprograma nito at ipinatutupad ito ng mga platun ng kumpanya sa pangunguna ng mga istap na nakalubog sa mga iskwad at tim.

"Karaniwang inilulunsad ang klinikang bayan kapag nagsisimula ng gawaing masa ang BHB sa isang erya. Para mas malawak ang maabot, binibigyan ng istap medikal o ng upisyal medikal ng maikling kurso ang lahat ng mga mandirigma ng platun o iskwad," dagdag pa ni Ka Chad.

"Itinuturo sa lahat ang mga pamamaraan sa pagtsek-ap sa pasyente, pamilyarisasyon sa kagamitan, iba't ibang tipo ng sakit at ang mga paraan ng paglunas sa mga iyon.

### Tatlong bagong layang bihag ng BHB, di pa nakababalik sa kanilang pamilya

Hindi pa rin nakakapiling ng tatlong pulis ang kanilang mga pamilya ilang linggo matapos sila palayain ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) noong Marso 27. Napag-alaman ng Narciso Antazo Aramil Command (NA-AC-BHB) ng Rizal na nananatili silang nakabimbin sa panlalawigang himpilan ng PNP sa Hilltop, Barangay Dolores, Taytay, Rizal. Hindi sila pinahihintulutang makauwi.

Isinailalim sa walang katapusang interogasyon ng Armed Forces of the Philippines (AFP) at mga upisyal sa Philippine National Police (PNP) sina Insp. Rex Cuntapay, P01 Marvin Agasen at P01 Alberto Umali dahil nabrainwash umano sila ng BHB. Hindi nakaranas ng ganung pagtrato ang tatlong pulis sa loob ng 83 araw na pagkakabihag nila, ani Macario "Ka Karyo" Liwanag, tagapagsalita ng NAAC-BHB.

Sumapit na ang Semana Santa ay hindi pa rin nila nakakapiling ang kanilang mga pamilya. Kahit si PO1 Agasen ay hindi pinayagang dumalo sa pagtatapos ng kanyang kaisa-isang anak na babae. Ang pagpapalaya sa mga bihag ay sinikap isagawa ng BHB isang araw bago ang pagtatapos ng anak ni Agasen upang magkaroon siya ng pagkakataong makadalo roon dahil pinakamimithi niya ito.

Ani Ka Karyo Liwanag, nagsasabi lamang ng totoo ang dating mga bihag na sila ay makataong tinrato ng BHB at may umiiral ngayong dalawang gubyerno sa Pilipinas—ang reaksyunaryong gubyerno ni Gloria Arroyo at sa kabilang banda, ang Demokratikong Rebolusyonaryong Gubyerno ng Bayan. Sina Cuntapay ay inaresto, idinetine at inimbestigahan ayon sa mga rebolusyonaryong patakaran at awtoridad. Tinrato sila bilang mga "bihag ng digma" at kusang pinalaya ng Demokratikong Gubyerno ng Bayan batay sa makataong kunsiderasyon. Ito ang katotohanang ayaw aminin ng mga reaksyunaryong upisyal ng AFP, PNP at GRP.

Pinipilit umano ng kanilang mga upisyal ang tatlong pulis na magsalita nang masama laban sa BHB. Nahihirapan silang gawin ito dahil talagang sa saligan ay mabuti ang BHB, ani Ka Karyo Liwanag. Gayunpaman, dahil sila ay nasa kamay pa rin ng PNP, hindi na magugulat ang rebolusyonaryong kilusan kung mapipilit pa rin ang tatlo na baligtarin sa publiko ang tunay na mga pangyayari at ang kanilang magandang pagkilala sa mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan.

### 5 sundalo, nasugatan sa Bontoc

Tabigo ang mga sundalo ng rehimeng Arroyo na bulabugin ang pagdiriwang ng ika-40 anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Mountain Province nang masugatan ang lima sa kanila sa pananambang at operasyong isnayping ng Leonardo Pacsi Command (LPC) ng BHB sa Mountain Province mula Marso 30 hanggang Abril 1 sa Mt. Bato at Mt. Degway, Mainit, Bontoc.

Ayon sa ulat ni Ka Magno Udyao, tagapagsalita ng LPC, salik sa pagbigo ng imbing pakana ng pasistang tropa ang pagkagamay ng mga gerilya sa kalupaan, maayos na paqtangan sa mga taktikang gerilya at mahigpit na suporta ng mamamayan ng Cordillera. Batid ng mamamayan dito na ang operasyong militar ng kaaway ay may kaugnayan sa malaking interes ng mga higanteng kumpanya ng minahan ng burgesya kumprador at mga dayuhang kapitalista tulad ng Lepanto Consolidated Mining Corporation.

Bago mangyari ang apat na beses na labanan, na-katanggap ng mga ulat noong Marso 26 ang LPC na may malaking kilos ang kaaway. Hindi kukulangin sa walong trak at isang Humvee mula sa hedkwarters ng 5th ID sa Isabela ang ibinaba sa isang *patrol base* ng Philippine Army sa Barangay Guinaang, Bontoc at sa iba pang mga lugar.

Sa kabila nito, matagumpay pa ring naidaos ng hukbong bayan at mga tagabaryo ang ika-40 anibersaryo ng BHB noong Marso 29. Kauuwi lamang ng mga taumbaryo sa kanilang mga tahanan nang magsimula ang putukan.

Magkasunod na naganap ang unang dalawang labanan bandang alas-9:30 ng umaga noong Marso 30

sa Mt. Bato at Mt. Degway. Tinambangan naman ng isa pang maliit na yunit ng LPC ang mga tropa ng

militar na paakyat sa Mt. Bato bandang alas-2:00 ng hapon. Kaagad-agad na dumating ang reimporsment sa Bontoc mula sa Isabela habang nagsasagawa naman ng istraping ang dalawang helikopter na Huey malapit sa erya ng labanan.

Nagdagdag ng mga reimporsment ang kaaway noong Marso 31 habang iniistraping ng dalawang helikopter ang magubat na bahagi ng Bontoc at

hilagang bahagi ng Sagada. Kinabukasan, Abril 1, naglunsad ng isnayping ang BHB bandang alas-6:00 ng umaga laban sa nagkakampong mga sundalo sa Mt. Bato. Bunsod nito, kinailangan ang dagdag na mga tropa mula sa Bontoc para makuha nila ang kanilang mga kaswalti. Nagsimulang maghakot ang dalawang Huey na helikopter bandang alas-8:00 ng umaga at natapos ito nang alas-2:00 ng hapon.

# General Sodusta, nabigong durugin ang kilusan sa Bicol

Baon ni Maj. Gen. Jeffrey Sodusta sa kanyang pagreretiro sa serbisyo noong Abril 8 bilang punong kumander ng 9th Infantry Division ng Philippine Army (9ID-PA) ang kabiguang durugin ang rebolusyonaryong kilusan sa Kabikulan.

"Walang kinang" ang kanyang medalya, sabi ni Ka Greg Bañares, tagapagsalita ng National Democratic Front ng Bicol, dahil hindi niya napadapa ang baseng masa at patuloy na sumulong ang armadong rebolusyonaryong pakikibaka sa rehiyon.

Ang tanging maipagmamayabang na "tagumpay" ni General Sodusta bilang hepe ng 9th ID-PA at Joint Task Force Bicol (JTFB) ay ang napakaraming mga kaso ng ekstrahudisyal na pamamaslang ng mga inosenteng sibilyan, pagdukot, pagtortyur at iba pang pasistang kalupitan laban sa mamamayan.

Patuloy na binibigwasan ng BHB ang mga papet at reaksyunaryong tropa ng AFP, PNP at paramilitar sa Bicol sa kabila ng pagbuo ng isang brigadang pangkombat (tatlong batalyon sa minimum) at ilang kumpanya ng CAFGU at pagsandal ng AFP sa ayudang militar ng US. Ayon kay Bañares, nakapaglunsad ng matitinding taktikal na opensiba ang BHB sa huling

buwang panunungkulan ni General Sodusta sa rehiyon at nakapagdulot ito ng maraming kaswalti na nakapagpalala sa demoralisasyon ng mga upisyal at tauhan ng AFP.

Mula Enero hanggang unang linggo ng Abril 2009, nakapaglunsad ang BHB sa rehiyon ng dalawampu't limang (25) taktikal na opensiba na kinabibilangan ng anim na ambus, isang reyd, 16 na panghaharas at isnayping at mga pamamarusa. Dumanas ang BHB ng dalawang depensibong labanan, subalit natalo pa rin nito sa maniobra ang mga bayarang sundalo. Apatnapu't apat na mga elemento ng kaaway ang napatay, di bababa sa 40 ang nasugatan at ilang malalakas na armas at bala

ang nasamsam mula sa kanila.

Hindi natuto si General Sodusta sa kanyang mga karanasan. Bago siya ilipat sa Bicol ay naging kumander siya ng / 303rd Brigade sa Negros noong 2002 kung saan nabigo rin ang ipinagmamayabang niyang Oplan Gordian Knot (and lokal na bersyon ng OBL1). Ayon kay Bañares, dapat malaman ni Sodusta at lahat ng heneral ng AFP at PNP na kailanma'y hindi maqtataqumpay and isand kontra-rebolusyonaryong digma kahit

buhusan pa ito ng suporta ng US.

Wala itong tinatamasang suporta

mula sa malawak na mamamayan dahil ito ay likas na reaksyunaryo,

> malupit at nagtatanggol ng isang bulok at mapang-aping sistema ng lipunan.

Ayon pa sa tagapagsalita ng NDF-Bicol, kahit nagretiro na si General Sodusta bilang punong kumander ng 9th IDPA at isa sa mga pangunahing tagapagpatupad ng malupit na Oplan Bantay Laya 2 (OBL2), maaari pa rinsiyang arestuhin at litisin ng rebolusyonaryong Hukumang Bayan.

## Ika-38 anibersaryo ng KAGUMA, ginunita

inunita ng Katipunan ng mga Gurong Makabayan (KAGUMA) ang ika-38 anibersaryo nito noong Marso 28 sa pamamagitan ng paglalabas ng espesyal na isyu ng kanilang pahayagang *Liyab*. Dahil ipagdiriwang din kinabukasan ang ika-40 taon ng pagkakatatag ng Bagong Hukbong Bayan (BHB), nagpugay ang KAGUMA sa kadakilaan at kabayanihan ng BHB bilang tunay na hukbo at ta-

gapagtanggol ng pambansa-demokratikong interes ng sambayanang Pilipino.

Kaugnay ng anibersaryo ng KAGUMA, inilakip sa isyu ang sanaysay ni Prof. Jose Maria Sison na pinamagatang "Hinggil sa Pambansa-Demokratikong Kilusan ng mga Guro." Ayon kay Sison, dapat harapin ngayong panahon ang hamon ng paglalansag sa mga salalayan ng malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino at ng imperyalismong US. Ang mga rebolusyonaryong

pwersa sa Pilipinas at iba pang mga

bayan, aniya, ay napakabilis na bumabangon para palitan ng bago ang luma.

AVIV

CPP-NPA-NDF

Dagdag niya, "Ang lahat ng mga guro at magiging guro na pumapanig sa katotohanan, katarungan at progreso ay dapat magkaisa sa Ikalawang Dakilang Kilusang Propaganda at maging depinidong pwersa ng pambansa-demokratikong kilusan." Para magawa nila ito, dapat nilang itakwil ang lahat ng uri ng walang kabuluhang kaisipan sa eskwelahan. Dapat nilang sapulin ang mga ideya na makagaga-

> bay sa pambansa-demokratikong rebolusyon at mahigpit nilang ilapat ito sa kongkretong kalagayan ng Pilipinas.

Inilathala rin sa *Liyab* ang artikulo ni Tagapangulong Mao Zedong tungkol sa integrasyon ng mga intelektwal sa masang manggagawa at magsasaka. Sa artikulong iyon, hinikayat ni Mao ang mga intelektwal tulad ng mga guro,

manunulat, artista at mga syentipikong mananaliksik na tumungo sa kanayunan, mga pabrika at mga baryo dahil napakasama kung sa buong buhay ng isang intelektwal ay wala man lamang siyang makikilalang kahit isang manggagawa o mag-

sasaka.

MABUHAY ANG

IKA-38 ANIBERSAR

Nagbigay-pugay din ang KAGUMA sa kapwa nilang guro na si Rebelyn Pitao, 20, na dinukot, pinahirapan, ginahasa at pinatay ng mga armadong galamay ng rehimeng US-Arroyo noong Marso 4. Anila, ang brutal na pagpaslang kay Rebelyn at lahat ng mga biktima ng terorismo't pasismo ng estado at ng imperyalismo ay ibayo lamang "nagbibigay-katwiran at nagpapakita ng pagiging makatarungan ng pursigidong paglahok sa demokratikong rebolusyon ng daanlibo't milyong guro at mamamayang Pilipino."

Ang KAGUMA ay isang lihim na pambansa-demokratikong organisasyon ng mga guro, mga estudyanteng guro at mga kawani sa edukasyon na nagkakaisa para isulong ang demokratikong rebolusyon ng bayan. Isa ito sa mga alyadong organisasyon ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP). Nang ipataw noong Setyembre 1972 ang batas militar ng diktadurang US-Marcos, idineklarang iligal ang lahat ng hayag na pambansa-demokratikong organisasyong masa kabilang ang KAGUMA.

# Makabayan: Napapanahong pwersa sa pakikibakang elektoral

**II** Tto ay makasaysayang paqkakataong nangangahulugan...ng malaking pagsulong ng kilusang bayan para sa tunay na pambansang kasarinlan, demokrasya, katarungang panlipunan at lahatang-panig na kaunlaran." Ito ang mensahe ni Prof. Jose Maria Sison sa pagtatatag ng Makabayang Koalisyon ng Mamamayan (MAKABAYAN), isang koalisyon ng mga progresibong partido sa pangunguna ng Bayan Muna, ANAK-PAWIS at GABRIELA, nitong Abril 16. Idinaos ang okasyon sa Bahay ng Alumni sa University of the Philippines sa Quezon City.

Ang MAKABAYAN ay naglalayong sumabak sa pakikibakang elektoral sa pamamagitan ng pagpapatakbo ng sariling mga kandidato sa iba't ibang antas ng gubyerno at pakikipagtulungan sa iba pang partido at personaheng makikiisa sa layunin nito.

Ani Sison, ang pagtatatag ng

MAKABAYAN ay napapanahong konsolidasyon ng mga tagumpay sa pakikibakang elektoral ng mga progresibong partido at mga kaugnay na organisasyong masa. Maagap aniya itong paghahanda para sa eleksyong 2010 na nais hadlangan o dayain ng reaksyunaryong pangkating Arroyo para patuloy na kumapit sa poder.

Inilarawan ni Sison ang MAKA-BAYAN bilang pinakamalakas na pwersang oposisyon sapagkat ito ang pinakaprinsipyadong kasangkapan ng bayan, may pinakamakabuluhang platapormang patriyotiko at progresibo, kinabibilangan ng pinakadesidido at pinakaaktibong mga lingkod ng bayan at nagtataglay ng pinakamatatag at pinakamaaasahang baseng masa sa buong bansa. Subok na aniya ang tatag ng mga progresibong partido at lider laban sa tukso ng pagpapakatuta at korapsyon taliwas sa katiwalian at kawalang-integridad na siyang tatak ng mga pulitikong tradisyunal.

Pinuri ni Sison ang mga prinsipyo at ang pangkalahatang programa ng MAKABAYAN na aniya'y tumutugon sa daing ng bayan para sa pulitika ng saligang pagbabago at makabuluhang reporma, mabuting pamamahala, pag-asenso ng mahihirap, pambansang kasarinlan at iba pang adhikaing makatarungan at kagyat.

Ang asembleya ng pagtatatag ng MAKABAYAN ay may temang "Pilipino para sa pagbabago! Pagbabago para sa Pilipino!" na ani Sison ay lubos na pinalalawig hindi lamang ng mga pangkalahatang prinsipyo kundi gayundin ng mga kongkretong planong nagsisilbi sa mga kagyat na pangangailangan ng mamamayan laluna ngayong labis silang naghihirap dahil sa pangapi at pagsasamantala.

Kabilang sa mga personaheng dumalo sa asembleya sina Sen. Manuel Roxas, Sen. Ana Consuelo Madrigal, Sen. Francis Pangilinan, Rep. Matias Defensor, Rep. Teofisto Guingona III, Rep. Del de Guzman, Rep. Abigail Binay, Rep. Rodolfo Plaza, Rep. Jose de Venecia at asawa niyang si Gina, Mayor Feliciano Belmonte at Vice Mayor Herbert Bautista ng Quezon City, dating Sen. Leticia Ramos-Shahani, ang National Artist na si Bienvenido Lumbrera, at ang direktor ng pelikula na si Joel Lamangan.





#### Panghaharas ng militar sa Paquibato District, Davao City

**M**istulang malaking garison ang distrito ng Paquibato sa Davao City dahil sa matinding militarisasyon. Sa balkunahe ng barangay hall ng Barangay Mabuhay, nakapusisyon ang isang M60 masinggan. Sa Crossing Hasil sa hangganan ng Paguibato at Panabo City, itinayo ang isang tsekpoynt at nirerekisa ang lahat ng sasakyang dumadaan.

Laganap ang paglabag sa karapatang-tao sa Paguibato. Isa sa pinakahuling kaso ang pagpaslang ng militar noong Marso 12 kay Uriel Emata Clerigo, isang residente ng Paquibato at isa sa mga lokal na lider ni Rodrigo Duterte, meyor ng Davao City. Binaril si Clerigo sa loob ng kanyang bahay sa Paradise Embac. Isa si Clerigo sa kumukundena sa matinding militarisasyon sa Paguibato at pagdami ng mga tropang militar dito.

Anim na residente ng Paguibato ang nirekisa noong Marso 2 sa tsekpoynt ng militar at hiningan ng sedula. Papunta sana sila sa city hall para tumestigo sa pagdinig ng sangguniang panlunsod ng Davao City hinggil sa pambubugbog ng mga sundalo sa mga sibilyan.

Samantala, binantaan ng militar ang buhay ni Elgin Damasco, news director ng DXDC-Davao ng Radio Mindanao Network (RMN). Sa kanyang pang-umagang programa sa radvo noong Marso 16, nakatanggap siya ng mensaheng text sa cellphone na nagbabantang papatayin siya dahil umaakto umano siyang tagapagsalita ng BHB. Minamanmanan din ng di kilalang mga tao ang komunidad na tinitirhan ni Damasco at tinatanong kung saan siya nakatira at ang station manager ng DXDC na si Dodong Solis.

Noong Pebrero 23, pumunta si Damasco sa Paquibato para kumpirmahin ang mga ulat tungkol sa pambubugbog ng militar sa mga residente. Kinapanayam niya ang isang upisyal ng barangay at napag-alamang totoo ang mga abusong militar sa lugar. Bumalik si Damasco sa Paquibato noong Marso 1 at dito niva nasaksihan ang harasment ng militar na nakapwesto sa tsekpoynt. Kasama ang iba pang nakasakay na mga residente, pinahinto sila sa tsekpovnt at hiningan ng sedula. Iginiit ng mga sundalo na ang mga sedula lamang na may mga inisyal ng isang upisyal ng militar sa likod ang kanilang tatanggapin. Dito nagalit si Damasco at ang mainit niyang pakikipagtalo sa militar ay inilabas niya sa kanyang programa sa radyo.

Si Damasco and nad-ulat sa harasment na naranasan ni Sister Stella Matutina at iba pang mga aktibistang kontra-mina sa Barangay Taytayan, Baganga, Davao Oriental. Si Damasco rin ang isa sa mga mamamahayag na nag-interbyu kay Ka Parago matapos paslangin ang anak niyang si Rebelyn.

Kinundena ng National Union of Journalists of the Philippines-Davao and matinding harasment ng militar sa mga mamamahayag na nagsisikap na maglantad ng mga abusong militar. ΑB

#### Nahuling lider ng BHB, tinortyur ng militar

 ${f I}$ niulat ng anak ng isang lider ng BHB na isinailalim ng militar sa matinding tortyur ang kanyang ama na si Regenaldo Alicaba, Sr. o "Ka Emong". Naka-medical leave si Ka Emong nang siya'y arestuhin ng militar nang walang mandamyento de aresto noong Enero 18. Ayon kay Rizalyn Manguilimotan, 28, namamaga ang mga tainga, tuhod at paa ng kanyang ama nang una niya itong makita sa himpilan ng Eastern Mindanao Command sa Camp Panacan. Nangyari ang pagtortyur bandang Enero 20 bago sila dumating sa Camp Panacan.

Habang hiwalay silang iniimbestigahan ng militar, narinig niya mula sa kanyang kinaroroonan ang pagmamakaawa ng kanyang ama na nagsasabing ihinto na ang pananakit. Kinabukasan, nang dalhin sila sa Camp Panacan, ikinwento ng kanyang ama na kinuryente ang kanyang bayag at binantaan na lalaslasin ang kanyang leeg kung hindi siya makapagsasabi kung nasaan ang iba niyang kasamahan sa BHB. May isang pulgadang sugat din si Ka Emong sa kanyang ilong. Para hindi makapagpyansa si Ka Emong, sinampahan siya ng mga elemento ng Criminal Investigation and Detection Group (CIDG) ng walong gawa-gawang mga kaso tulad ng murder, kidnapping, robbery at arson kung saan tatlo lamang ang aktwal na nagbabanggit sa pangalan ni Ka Emong.

Ang pagtortyur ng militar kay Ka Emong ay labag sa Artikulo 13 at 17 ng Geneva Conventions na nagtitiyak na ang mga nabibihag sa gera ay dapat makatanggap ng makataong pagtrato at hindi dapat makaranas ng pisikal o mental na tortyur, o iba pang tipo ng pamumwersa para makuha ang anumang impormasyon mula sa kanila. ΑB

### Pagrerekrut ng mga Lumad bilang paramilitar, kinundena

 $\mathbf{K}$ inundena ng KALUMARAN, isang grupo ng mga Lumad sa Mindanao ang pwersahang pagrerekrut ng mga Lumad sa paramilitar na grupong Task Force Gantangan. Ginagawang mga panangga ang mga Lumad sa kontra-rebolusyonaryong kampanya ng gubyerno laban sa PKP-BHB, na tahasang paglabag sa mga saligang karapatangtao. Ayon kay Dulphing Ogan, pangkalahatang kalihim ng KALU-MARAN, pinipilit ang mga Lumad na sumapi sa paramilitar na pwersa at kung sila'y umaayaw, sila'y binabansagang mga myembro ng Bagong Hukbong Bayan at ginagawang target ng harasment.

Mahigit 100 Lumad mula sa limang mayor na grupong minorya sa Mindanao ang nagpiket noong Marso sa Mines and Geosciences Bureau (MGB) at sa himpilan ng Eastern Mindanao Command sa Camp Panacan pagkatapos ng tatlong araw na pagtitipon kung saan ibinahagi nila ang mga kaso ng pamamaslang at panggigipit ng militar sa mga Lumad sa iba't ibang bahagi ng Mindanao. Nanawagan ang mga nagpiket na ihinto ang militarisasyon sa kanayunan at ang sapilitang pagrerekrut

ng mga Lumad para sa mga operasyong militar. Nanawagan din sila na ihinto ang pangangamkam ng malalaking empresa sa pagmimina at mga plantasyon sa kanilang lupang ninuno na naging sanhi ng kakulangan ng kanilang pagkain.

Ang mga Lumad na nirerekrut sa gupong paramilitar ay pinapatrabaho nang 24 oras na walang sweldo. Inuutusan silang magpatrolya sa lugar na kung minsa'y armado lamang ng mga itak. Dahil hindi na sila makapagtrabaho, wala na silang makain.

Ang Task Force Gantangan ay bahagi ng National Internal Security Plan (NISP) para duruqin umano ang rebolusyonaryong kilusan sa pagtatapos ng termino ni Gloria Arroyo sa pamamagitan ng paggamit ng mga pambansang minorya sa pakikipaglaban sa BHB. Isa sa mga ginagawa ng Task Force Gantangan ang pagtatayo ng mga organisasyong paramilitar na tinatauhan ng mga Lumad na may mga pangalang tulad ng Bagani force, Alimaong tribal justice, Manggahat at Alamara. Bukod sa mga ito ay nagtatayo rin ng Barangay Defense System (BDS) sa mga lugar na mayroong Lumad at setler na populasyon.

Gawain din ng Task Force Gantangan ang pekeng pagpapasuko ng buu-buong mga komunidad ng mga Lumad at pilit na pagpapaamin sa kanila na myembro sila ng BHB.

Pinag-aaway din sila para mawasak ang kanilang pagkakaisa at makapasok ang malalaking kumpanya sa pagmimina at mga plantasyon at makontrol ang kanilang mga lupang ninuno, ayon kay Norma Capuyan, pangalawang tagapangulo ng KALUMARAN. Ang pagpasok ng malalaking kumpanya sa pagmimina at mga plantasyon ay banta sa katiyakan sa pagkain ng mga Lumad. Hindi nila makakain ang jathropa (tuba-tuba), na itinatanim sa mahigit 500 ektaryang lupain sa bayan ng Malungon, South Cotabato. Nasa South Cotabato, Compostela Valley at Davao Oriental ang kalakhan ng sampung prayoridad na proyekto sa pagmimina ng rehimeng Arroyo. Ang madalas na paglulunsad ng kaaway ng matitinding operasyong militar sa mga lugar na ito ay naqdudulot ng malawakang dislokasyon sa maraming Lumad. ΑB

#### Mga sibilyan sa Rizal, ginigipit ng militar

Isang punong barangay ang pinaslang ng mga elemento ng Charlie Coy ng 16th IB noong Marso 28 dahil sa hinalang nakikipagtulungan siya sa Bagong Hukbong Bayan (BHB). Si Claudio Lastimada, barangay kapitan ng Macabud, Rodriguez, Rizal at ang kanyang manugang na si Salvador Abarina ay namatay nang tambangan sila ng mga armadong lalaking nakabonnet. Tatlo pang sibilyang kasama nila ang nasugatan sa ambus.

Ang mga salarin na nakahimpil sa

tabi ng San Jose Builders Subdivision sa San Jose, Rodriguez, Rizal ay pinamunuan ni 2nd Lieutenant Lopez.

Pinaghinalaan ng militar si Lastimada dahil siya ang nag-ulat sa pulisya na may sinunog na dump truck noong Enero 3, na siyang nagsilbing pain para tambangan ng BHB ang limang pulis mula sa 418th Provincial Mobile Group na rumesponde. Isang pulis ang napatay, isa ang nasugatan at tatlo ang nabihag sa labanang ito.

Hinaharas, binabantaan at binubugbog din

ng militar ang mga magsasaka, setler at Dumagat sa mga bayan ng Rodriguez, San Mateo, Baras, Teresa at Antipolo City dahil sa hinalang sila ang tumulong sa BHB para maitago ang tatlong pulis sa loob ng 83 araw nilang pagkakabihag.

Ang 16th IB ay kilala bilang kilabot na batalyon ng Philippine Army na pinamunuan noon ni Gen. Jovito Palparan. Sa ilalim ni Palparan ay responsable ito sa pagpatay ng mga sibilyan at pagpugot ng ilan sa kanilang mga biktima para makapaghasik ng lagim sa mga komunidad na pinagsususpetsahan nilang sumusuporta sa BHB.

## Progresibong doktor, pinaslang

Ilang beses na pinagbabaril ng mga naka-bonnet na lalaking armado ng mga M16 at kal. .45 pistola si Dr. Bartolome Resuello, 62, nitong Abril 1 sa Barangay Cababtuan, Pambujan, Northern Samar. Si Resuello ay kilalang aktibista mula pa noong panahon ng batas militar. Siya ang pangalawang tagapangulo ng Bayan Muna sa Northern Samar mula 2000-2003 at isa sa mga tagapagtatag ng PE-SANTE-Northern Samar, ang militanteng organisasyon ng mga magsasaka sa prubinsya.

Naganap ang pamamaslang bandang alas-5:30 ng hapon habang sakay ng motorsiklo ang biktima patungo sa kanyang bahay.

Una siyang pinagtangkaang patayin noong Marso 2006 nang paulanan siya ng bala habang sakay din ng motorsiklo sa Barangay Doña Lucia, Mondragon, Northern Samar.

Mariing kinundena ng KATU-NGOD-Sinirangan Bisayas ang pagpaslang kay Resuello.



#### Protesta laban sa chacha, muling umarangkada

MULING umarangkada ang protesta laban sa plano ng pangkating Arroyo na baguhin ang konstitusyon nang muling magbukas ang Kongreso nitong Abril 13. Noong araw na iyon ipinagpatuloy ng House Committee on Constitutional Amendments ang pagdinig sa resolusyon ng mga alipures ni Arroyo sa Kongreso na itransporma ang kapulungan ng Kongreso sa isang *constituent assembly*.

Nagmartsa ang mga myembro ng BAYAN sa kahabaan ng Batasan. Sinalubong nila ang mga myembro ng Kilusang Mayo Uno (KMU) at mga kasapi ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) mula sa Southern Tagalog. Ang piket nila sa labas ng Batasan ay plano nilang panatilihin hanggang Hunyo 6, huling araw ng pangalawang regular na sesyon ng Kongreso.

Nabulabog ang Kongreso at sinuspinde ang pagdinig nang magsuot ng mga sumbrerong may mga islogang anti-chacha ang mga estudyanteng nakaabot hanggang bulwagan ng Kongreso. Kinumpiska ng mga gwardya ang mga sumbrero at pinaalis ang mga estudyante.

#### 130 eskwelahan, magtataas ng singil

UMAABOT na sa 130 pribado at pampublikong unibersidad at kolehiyo ang nakatakdang magtaas ng matrikula sa darating na pasukan. Ito ay batay sa pagmomonitor simula noong Pebrero na isinagawa ng Tuition Monitor Hotline ng National Union of Students of the Philippines.

Ayon sa Commission on Higher Education (CHED), mula 5% hanggang 10% ang planong pagtataas ng matrikula ng mga eskwelahan. Kabilang dito ang 30 pribadong paaralan sa National Capital Region, 26 sa Calabarzon, 15 sa Northern Mindanao, 10 sa Bikol, walo sa Davao, pito sa Socsksargen, anim sa Western Visayas, dalawa sa Mimaropa at tig-isa sa ARMM at CAR.

Malaking kabulastugan ang umano'y pagpapatigil ng rehimeng Arroyo sa pagtataas ng matrikula maging sa mga pampublikong unibersidad at kolehiyo sa gitna ng rumaragasang krisis sa ekonomya. Sa katunayan, maraming malalaking bayarin ang palihim nang inaprubahan ng University of the Philippines Board of Regents.

Halimbawa lamang nito ang P400 tungong P1,000 kada yunit na pagtaas ng matrikula at P1,530 tungong P2,330 dagdag na sarisaring bayarin kada semestre para sa mga *graduate student* ng UP Mindanao School of Management; at P550 tungong P2,500 kada yunit na pagtaas ng matrikula sa *graduate program* ng UP Diliman College of Home Economics. May malaking pagtaas din sa *graduate program* ng School of Statistics kung saan P2,500 na ang dating P600 kada yunit na matrikula at P2,000 na ang dating P300 kada yunit na matrikula para sa mga bagong estudyanteng nagtatrabaho sa gubyerno at walang *scholarship*. Sa mga *graduate program* naman ng UP Extension Program sa Pampanga at Olongapo, tumaas ang matrikula mula P1,500 tungong P2,500 kada yunit.

Samantala, hiniling naman ni Bayan Muna Rep. Satur Ocampo sa CHED na bantayan ang mga pribadong paaralan na magtataas ng matrikula gayundin ang iba pang bayarin. Ayon kay Ocampo, dapat tiyakin ng CHED na nakokontrol ang pagtaas ng mga bayarin sa mga paaralan at nakatatamasa ng sapat na edukasyon ang bawat mamamayan.



#### Maramihang pagsuko ng BHB, pinabulaanan ng NDFP

"BOGUS!" Ganito ang bansag ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) sa ipinagmalaki kamakailan ng Armed Forces of the Philippines (AFP) na umano'y maramihang pagsuko ng mga kasapi ng Bagong Hukbong Bayan (BHB). Ayon sa hinirang na hahaliling hepe ng AFP na si Lt. Gen. Victor Ibrado, mahigit 40 kasapi ng BHB at tagasuporta nito ang "nagbalikloob" sa reaksyunaryong gubyerno mula Marso 23 hanggang Abril 16 nitong taon at pumaloob sa "Social Integration Program" (SIP) ng gubyernong Arroyo.

Ayon kay Kasamang Fidel Agca-

oili, tagapangulo ng NDFP Human Rights Committee, sumusuhay lamang ang mga pahayag na ito ni General Ibrado sa mga bukambibig ng AFP na madudurog daw nito ang armadong rebolusyonaryong kilusan pagsapit ng 2010. Ibinunyag ni Agcaoili na malaking bahagi ng mga iniaalok na salapi para sa mga "rebel returnee" ay napupunta sa mga bulsa ng mga kumander ng batalyon at matataas na upisyal ng AFP.

Noong nakaraang taon, ₱18.8 milyon ang ibinuhos ng gubyernong Arroyo sa bogus na SIP. Sa ilalim ng programang ito na pina-

ngangasiwaan ng Presidential Adviser on the Peace Process, nagbibigay umano ng ₱20,000 sa bawat sumusuko at may karagdagang ₱50,000 pa raw kung may dala itong armas. Pinagkakalooban din daw sila ng amnestiya sa ilalim ng Presidential Proclamation 1377 ni Arroyo.

Kung paniniwalaan ang kanilang mga pahayag sa midya, dapat sana'y nagtatagumpay na sila ngayon pa lang. Subalit ang totoo'y inaamin mismo ng pamunuan ng AFP na pangunahing banta pa rin sa seguridad ng reaksyunaryong gubyerno ang BHB.

## Armadong pakikibaka sa Peru at India, patuloy na sumusulong

PATULOY na sumusulong ang armadong pakikibaka ng mga rebolusyonaryong pwersa sa Peru at India.

Binigwasan ng mga rebolusyonaryong mandirigma ng Shining Path o Sendero Luminoso ang mga pwersang militar sa timog-silangan ng Peru. Ang Sendero Luminoso ang armadong hukbo na nasa ilalim ng pamumuno ng Partido Comunista de Peru (PCP). Ayon mismo sa Defense Department ng reaksyunaryong gubyerno sa Peru, 12 sundalo kabilang ang kanilang kapitan ang napatay, dalawa ang nasugatan at isa pa ang nawawala sa isang ambus na inilunsad noong Abril 9. Karamihan sa nagpapatrulyang reaksyunaryong kawal ay nangahulog sa bangin matapos silang hagisan ng mga granada at dinamita ng mga gerilya.

Ang labanang ito ang isa na sa pinakamaiigting nitong nakaraang ilang dekada sa Peru mula nang muling sumiklab ang armadong rebolusyong pinamumunuan ng PCP. Pinasisinungalingan ng tagumpay na ito ang naunang deklarasyon ng reaksyunaryong gubyerno sa Peru na lusaw na ang armadong rebolusyon doon matapos madakip noong 1992 ang pangunahing lider nitong si Abimael Guzman.

Samantala, sa India, nilusob ng mga Maoistang gerilya ang isang minahan ng bauxite sa silangang bahagi ng India noong Abril 13 ng umaga. Hindi kukulangin sa walong pulis ang napatay sa labanan. Wala namang nasaktan sa mga minero at empleyado ng kumpanya.

## Mga hakbang ng UN, "deklarasyon ng gera"—North Korea

NAGPAHAYAG ang gubyerno ng North Korea nitong Abril 18 na anumang parusa o presyur na ipapataw ng United Nations (UN) kaugnay ng pagpapalipad nito ng *rocket* noong Abril 5 ay ituturing nitong "deklarasyon ng gera."

"Ang rebolusyonaryong hukbo ng Democratic People's Republic of Korea (DPRK) ay laging nakahandang umaksyon anumang sandali para parusahan nang walang pag-aatubili ang sinumang yuyurak nang kahit bahagya sa soberanya at dangal ng DPRK," anang gubyerno.

"Ngayong ang grupo (ang UN) ay upisyal nang nagdeklara ng kumprontasyon at gera laban sa DPRK, magpapasya ang rebolusyonaryong hukbo na palakihin ang kakayahang pandepensa ng bansa kabilang ang nukleyar na pamigil ng atake sa anumang paraan...," anang North Korea.

Ang pahayag ng North Korea ay tugon sa pagkundena ng UN noong Abril 13 sa nabanggit na pagpapalipad ng *rocket*. Ang gayong hakbang ng UN ay itinulak ng US na nagsabing ang pagpapalipad ng *rocket* ng North Korea ay "panghahamong" labag sa resolusyon ng UN Security Council noong 2006 na nagbabawal dito na maglunsad ng anumang *ballistic missile*.

Iginigiit ng North Korea na ang tanging layunin ng inilunsad nitong *rocket* ay maghatid sa kalawakan ng isang satelayt na pangkomunikasyon. **©** 



Taon XL Blg. 8 Abril 21, 2009 www.philippinerevolution.net

## Bangkang papel sa rumaragasang krisis

ga bangkang papel ang iniaalok ni Gloria Arroyo upang maitawid ang mga manggagawang Pilipino sa rumaragasang krisis sa ekonomya, tungo sa ibang bansa kung saan, aniya'y daan-daan libong trabaho ang naghihintay lamang sa kanila.


Inaakala ni Arroyo na sa pagtutulak sa mga Pilipino na magtrabaho sa ibang bansa ay maikukubli niya ang lumalalang problema ng disempleyo sa Pilipinas at mapalalabas na siya'y may malasakit sa mga Pilipino. Ito'y kahit pa magmukhang malaking recruiting agency ang Malacañang. Subalit katulad ng iba pa niyang hakbangin at gimik sa harap ng kasalukuyang krisis sa kabuhayan, walang mabuting idudulot ang mga ito sa mamamayang Pilipino.

Malaking kabulastugan ang pagtutulak ni Arroyo g sa mga Pilipino na makipagsapalaran sa ibayong dagat. Nito lamang Abril, matapos bumyahe sa Dubai at ianunsyo ni Arroyo na may mahigit 200,000 trabahong naghihintay para sa mga Pilipino doon, nalantad na ilandaang migranteng Pilipino ang ilang buwan nang naghahanap ng paraan na makauwi matapos walang datnang hanapbuhay do-

on (tingnan ang kaugnay na artikulo).
Inililihim ni Arroyo ang totoong

kalagayan ng trabaho sa Dubai at kalakhan ng Middle East. Mula noong huling kwarto ng nakaraang taon, daanlibong dayuhang mangqaqawa na ang nasisisante at napauuwi mula sa Middle East. Tinatayang halos kalahati ng 13 milyong dayuhang manggagawang nasa Middle East ngayon ay masisisante at pauuwiin hanggang sa susunod na taon. Nanganganib din ang marami sa mahigit dalawang milyong manggagawang Pilipino na naroon ngayon. Dumarami na rin ang kaso ng mga pinauuwing manggagawa mula sa Europe, Japan, Korea, Taiwan at iba pang bansa bunga ng pandaigdigang kapitalistang krisis.

Ang lumalalang problema ng mga dayuhang manggagawa sa Middle East ay salamin na lamang ng nagaganap sa buong mundo. Katunayan, malaking bahagi ng tinatayang 40 milyong manggagawang mawawalan ng trabaho ngayong taon ay mga mi-



Mga tampok sa isyung ito...

Mga gawaing medikal ng BHB sa Southern Mindanao PAHINA 3 General Sodusta, bigo laban sa kilusan sa Bicol PAHINA 6 Ika-38 anibersaryo ng KAGUMA, ginunita PAHINA 7

#### Mga instruksyon sa paglilimbag

- **1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapus-yaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- **2.** Pag-print sa istensil:
  - a) Sa print dialog, i-check ang Print as image
  - b) Alisin ang check sa Shrink oversized pages to paper size
  - k) I-click ang Properties
  - d) I-click ang **Advanced**
  - e) Tiyaking naka-set sa 100% ang Scaling
  - d) Ituloy ang pag-print
- **3.** Hinihikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa *angbayan@yahoo.com*